# Chapter-7

Khell Pov

"Miss Cameron, Miss Felix gising na po" boses iyon ni Jade. Mabilis akong napalayo nang makitang nakayakap ako kay Christell

Pupungay ang mata nito at napa-upo. Pasado 5:30 palang ng umaga.

"Good morning" she husky said. Napalunok naman ako ng ilang beses nang magkarambola ang puso ko.

"G-goodmorning" nauutal na saad ko

"Miss Cameron, Miss Felix?"

"Lalabas na" wika ko.

Nag-suot muna ako ng damit dahil nahubad ko pala iyon kagabi. Namumulang umiwas ako ng tingin. Nang matapos ay lumabas na rin ako at iniwan ko si Christell sa loob.

"Goodmorning ma'am" bati nilang lahat at nagkakape na.

"Ang aga niyo naman"

"Kailangan ma'am, maliligo na kasi kami" ani ni Maica na ngayon ay may dala nang tuwalya.

"Nasa Northpole ba bahay niyo dati at hindi ka man lang nilalamig?" tanong ng kaibigan nito.

"Sanay ako sa lamig- nasanay nga ako sa lamig ng relasyon namin eh" natatawang ani nito.

Umiwas ako ng tingin dahil para akong tinamaan, hindi man lang ako nakailag.

"Kape ma'am" sabay-abot ni Jade sa akin ng tasa.

"Miss Felix dito ka po" aya nito na kakalabas ng tent. Kaya pala natagalan ito sa loob dahil nakapalit na ito ng damit.

"Miss Cameron, gusto niyo pong maligo mamaya sa batis?" tanong ni Jade.

"Meron ba?"

"Opo meron bukod sa waterfalls ay may batis sa kabilang banda" napatango naman ako. "Pwede ko po kayong samahan pumunta don-"

"Sasama kami mamaya" sigaw ng iilan.

"Sige ba, basta huwag kayo masiyadong maingay doon kasi marami daw kwento-kwento na baka mangambala niyo yung nangangalaga ng kalikasan-"

"Ano ba yan Jade umagang-umaga nananakot ka"

"Sabihin mo kung ayaw mo kaming paliguin" napanguso pa si Eric habang si Maica naman ay nagmamaktol.

"Nilalamig ka?" napabaling ang tingin ko kay Christell.

"A bit" wika ko. Hinubad nito ang jacket na binigay ko kagabi at binigay ulit sa akin.

"I'm okay, you need to used this para hindi ka lamigin" wika nito. Walang nagawang kinuha ko iyon.

"Thank you"

"Miss ano G ba kayo?"

"Huwag kayong sasama ma'am, nananakot naman yan si Jade" singhal ni Maica.

"Manahimik ka nga, dadalhin ko ba kayo kung delikado ha?"

"Sus, pahamak ka kaya"

"Huwag mo na sila pansinin ma'am"

"Sasama kami" she coldly said and avertize her gaze. Nanlaki ang mata ko sa sinabi nito.

"Ayos"

"Sasama rin kami" sigaw nilang lahat.

Hinintay lang namin na sumikat ang araw, ang iba naman ay pinipicturan pa iyon.

Masasabi ko na maganda talaga ang lugar na ito at nakaka-relax.

"Magpapa-iwan kami dito ma'am" wika ni Jason na ngayon ay nakangiti na. Kamot-ulo ito at tila gusto rin sumama.

"Why?"

"Wala kasing magbabantay dito, naglilibot kami kagabi bago matulog, may iilang bahay sa bahaging ito at doon sa taas, baka pagnakawan tayo" wika nito. Na-alarma naman kami.

STORY CONTINUES BELOW

"Bakit ngayon niyo lang sinabi?- Jade?" tawag ko.

"Hindi ko rin alam ma'am, dati naman walang bahay dito-" napa-yuko ito at nahihiya. Napabuntong hininga naman ako.

"Sino ang maiiwan?" tanong ko kay Jason.

"Si Troy, ako at si Jeric po ma'am si Eric at Dhany sasama daw para mabantayan ang ibang girls- kailangan rin kasi namin maghanap ng tuyong kahoy para panggatong" wika nito. I just nodded my head.

Kahit minsan hindi magulo ang classroom ko nandon pa rin ang pag-alala nila sa isa't-isa, isa ito sa mga hinahangaan ko sa mga estudyante ko.

"Ma'am tara na po" wika ni Jade. Nakapalit na ito ng jersey na damit at naka tsinelas na rin. Habang ako naman at simpleng t-shirt at shorts lang at pinaresan ng black slippers.

"You looked so sexy- damn" bulong nito na ikinapula ko.

Hindi ako nagsalita pero ramdam ko na naman ang pagkarambula ng puso ko sa hindi maipaliwanag na dahilan.

"That's my girl" she whispered and walk away. Nanghihina ang tuhod ko na napahawak sa puno para makakuha ng lakas.

What the heck? Anong gusto niyang iparating sa akin?.

"Prof Cameron are you okay?" Jade asked behind my back.

"Yeah I'm okay"

"Tara na Prof" ngiti nito. Naka-sunod naman ang iba nitong kasama si Christell ay hinintay ako sa unahan.

Nangunguna si Jade dahil siya ay may alam. Katulad ng sinabi ni Jeric ay nagpa-iwan talaga sila para bantayan ang tent.

"Drink this water" she said nang makalapit ako at binigay ang tubig sa akin. Ito siguro ang tubig na binili ko kahapon at inilagay ito sa tumbler.

"Tsk" i hissed at naunang naglakad.

"Cameron" madiing wika nito.

It's like my heart can't accept being called by my last name.

Padabog na kinuha ko ang tumbler at uminom ng tubig.

"Gago pare ang ganda dito sa batis" pareho kaming napalingon ng matanaw namin ang batis. Totoo ngang maganda dito at payapa ng tubig.

Habang sa taas ay matatanaw mo ang waterfalls kung saan dumadaloy dito sa batis.

"Sabi sa inyo maganda dito eh" wika ni Jade at inilapag na ang tuwalya nito sa bato.

Sumunod naman ang ibang girls na kumukuha pa ng litrato.

"Sa dulo nito meron silang tinatawag na magical wish luck" wika nu Jade, nakuha nito ang atensyon ko.

"Talaga?"

Umupo ako sa bato habang si Christell ay nilubog ang paa sa tubig.

"Oo nga, pero mga 10 minutes pa ang lalakarain natin bago makarating doon" wika ni Jade.

"Kayo ma'am sasama kayo mamaya sa amin?" tanong ni Maica.

"Sure" saad ko dahil wala naman balak magsalita ang kasama ko.

"Ay meron isda" sigaw ni Eric na ngayon ay nakahuli na at pinakita pa.

"Aray- bakit ba may alimango dito at ang liit pa" pagmamaktol ni Dhany na ngayon ay kinagat ng alimango. Hindi ko alam kung ano ang tawag nila iyan dito basta para siyang alimango.

"Tanga mo kasi-" wika ni Jade at tinulungan ang mga boys si Maica naman ay tumulong kay Dhany.

Laking probinsya ako pero ni minsan ay hindi man lang ako sinama sa bukid o manghuli dito.

Totoo ngang may isda pero masiyado iyon madulas kaya nawawala.

"Sili daw tawag diyan sa Western Visayas" saad ni Jade. "Madulas talaga yan dito" dugtong pa nito. "At ito, hindi ito alimango, bugo amp" inis na turan nito. Hindi ko siya maintindihan pero natatawa ako. Parang narinig ko na iyon pero hindi ko alam kung anong meaning.

"Are you laughing?" she asked. Namamangha itong napatingin sa akin.

"Hindi ako katulad mo no" mataray na wika ko at inismaran ito. Napatingin pa rin ako sa mga bata na ngayon ay tinignan ang bawat ilalim ng bato.

"Ma'am tignan niyo po oh" sigaw ni Eric na ngayon ay may hawak nang malaking alimango.

"Ay putcha ang sakit ng kagat"

"Gagi ilagay niyo dito sa plastic bottle" wika ni Ella na ngayon ay may bitbit na.

Isa-isa nila iyon nilagay pati ang sili daw kuno na parang ahas kung titignan pero madulas dahil panay iyon nahuhulog at nahihirapan ulit silang hulihin.

Nilusong ko ang paa ko sa tubig habang nilalaro ang kamay ko.

"Bugo kaayo amp" wika ni Jade na ngayon ay sinamaan ng tingin si Eric.

"Hindi ko nga alam paano to" maktol ng isa.

Hinayaan lang namin ang mga ito, ang ibang girls naman ay naliligo na sa dulo at nagsasabuyan pa ng tubig.

"Let's swim Avhell" she whispered again at nauna nang tumayo. Para na akong magkakasakit sa puso dahil sa kanya.

Nang makalayo ito ay siya naman ay pagtayo ko para sumunod.

"Bilisan niyo jan para makaligo na" saad ko.

"Sige ma'am" wika ni Maica. Busy naman ang iba sa panghuhuli.

"Ma'am dito po medyo malalim" saad ni Ivy na ngayon ay nakalubog ang kalahating katawan nito.

Lumayo naman sila sa amin nang lumusong si Christell at sumunod naman ako. Naging tahimik kaming dalawa habang ang kasama namin ay masiyadong maiingay.

Ilang minuto lang ay nagsitakbuhan na sila Eric papunta sa gawi namin at lumusong na rin.

"Whoo sarap talaga maligo"

"Mga tanga bakit niyo ako iniwan" maktol ni Jade na ngayon ay masama ang tingin sa mga kasama.

Hindi rin kami nagtagal sa batis dahil naglakad pa kami patungo sa magical wish luck na sinasabi nito.

Tama nga siya mga sampong minuto ang lalakarin makapunta dito. Nasa gilid iyon at may malaking puno. Pwede rin pala mag-dasal dito dahil may bultong naka-tayo.

"Ako mauuna" wika ni Jade.

"Sasama kami" wika ng lahat at sumunod sa pagtapon ng barya. Lahat naka-pikit.

Nagpahuli naman kami ni Christell na ngayon ay nagtapon na rin ng barya at pumikit. Ganon rin ang ginawa ko.

I this marriage works. Even we cold to each other, even if we fight, because I know to myself that I already fall for this woman beside me.

Nang matapos ay minulat ko ang mata ko. Nagka-tagpo ang tingin namin.

"Ano ang na wish mo?" tanong ko. Kibit balikat ito at hindi nagsalita kaya hindi na ako nangulit pa.

"I told you if you'll ready" she said. I frowned and shook my head.

Bumalik kami sa tent at naabutan namin ang mga naiwang boys na nag-iihaw ng isda at ang-aayos na parang palikuran para sa mga babae.

"Pre, pre tigan mo nahuli namin" saad ni Eric at pinakita ang plastic bottle na puno ng maliliit na alimango.

"Gago uulamin natin yan?" manghang tanong ni Jeric.

"Oo naman, may sili pa yan"

"Hoy anong sili?"

"Ayan ang madulas na isda na parang ahas" inis na sambit ni Jade. Napakamot na lamang ang iba sa kanilang ulo.

"Mauna ka nang magbanlaw baka lalamigin ka" wika nito at tinuro ang ginawa ng mga boys kani-kanilang.

Napatango na lamang ako at naglakad na papasok. May tubig naman iyon kahit papaano.

"Avhell, here's your shirts" wika nito sa labas at inabot sa akin.

"T-thanks" saad ko. Hindi ito nagsalita at naglakad na lang palayo.

Nang matapos ay lumabas na rin ako at naabutan ko ang mga ito na kumakain na.

"Jade paano linisin to?" tanong ni Jeric na ngayon ay napakamot sa kanyang ulo.

"Mamaya na yan kain muna tayong lahat" wika ko.

"Yey kainan na, gutom na ako" sigaw ni Eric.

"Takaw mo talaga hindot ka" wika ni Ella na ngayon ay sumusubo na ng kanin.

Agad naman kaming binigyan ni Jade ng pinggan na may laman na iyong kanin at ulam.

"Thank you"

"Welcome ma'am"

Naka-upo lamang kami habang kumakain.

Sa kalayuan naman ay may naririnig kaming nag-iingay na tila ba may tao.

"Kanina pa jan sila ma'am" saad ni Jeric. "Puro lang yan mga bata" dugtong nito.

Hindi ako nakapagsalita at tahimik na kumakain.

"May bata dito? Hindi ba sila nag-aaral?" tanong ni Maica.

"Hindi ko alam"

Nang matapos kami sa pagkain ay nagbihis na rin si Christell. Hinayaan ko ito habang ang boys na naiwan kanina ay naligo sa waterfalls at sumama ang iilang girls na gusto ma experience ang pangtalon. Makikita naman mula dito ang waterfalls kung saan ang tent namin.

Maririnig rin ang sigawan nila.

"This is the peace i want" wika nito at umupo sa tabi ko. "Nakaka-relax"

"Same"

"It's been a long time since I went hiking" malungkot na ani nito.

"With who?" I asked.

"Someone" she whispered pero narinig ko naman. Tila may dumaang lungkot sa mata nito at halu-halong emosyon na bumalot doon.

Hindi na ako nagtanong pa. Siguro masakit ang nakaraan nito kaya nagbago na rin ang kanyang ugali.

Pagsapit ng gabi ay nakapalibot kami sa bonfire at masayang nag ku-kwentuhan.

"What is your favorite song Jade?" Jeric asked.

"I don't have favorite song, but I have favorite artist" she said. Lahat ay curious.

"Sino?" sabay-sabay na wika nila.

"One Direction" simpleng sagot nito.

"Ah! Sige nga kantahin mo yung story of my life" wika ni Maica.

"Ayaw ko"

"Choosy mo naman, noong grade 8 ka kinakanta mo yan eh" Maica said. Umiwas ng tingin si Jade.

"Noon yon hindi na ngayon"

"Sus! Bilis na Jade" tudyo ni Eric.

"Eh ikaw sino ang Girlfriend mo ha?" Jade fireback.

"Oo nga pre sino?" curious na tanong ng mga ito. Lahat ay may stick at may hotdog na pinapa-init iyon sa apoy. Habang may marshmallow sa ibabaw.

Tahimik lamang kami habang pinag mamasdan ang mga bata. Masiyado pa silang walang-alam sa ganitong klase ng buhay. Pero alam kong may kanya-kanya kaming kwento.

Hating gabi na rin at napag-pasiyahan na namin matulog, katabi ko si Christell at ngayon ay hindi ako lasing pakiramdam ko ay lalabas na sa sobrang bilis ang tibok ng puso ko.

"Avhell" mahinang tawag nito.

"Hmm"

"Come here" hindi ako gumalaw. Malayo ako sa pwesto nito.

Maalala ko palang kaninang umaga ang pag-yakap ko sa kanya ay gusto ko na magpakain sa lupa dahil sa hiyang nararamdaman ko.

"Avhell" hindi ako nagsalita at pinikit ang aking mata. Napabuntong-hininga ito hanggang sa maramdaman ko ang kamay nito na nasa beywang ko.

I gulp and swallowed hard. Ayan na naman ang tibok ng puso ko at hindi mapakali. Pakiramdam ko ay aatakihin na ako.

"The fragrance of your smell Avhell" she whispered. Ramdam ko ang hininga nitong tumatama sa batok ko.

Pinulupot pa nito ang kamay sa beywang ko at sumiksik pa lalo sa akin.

"C-christell"

"Shhh let's sleep" wika nito.

Paano ako makakatulog kung ganito siya sa akin? Para akong mahihimatay sa bilis ng tibok ng puso ko.

Naramdaman ko ang lalim ng paghinga nito na tanda na tulog na nga. Gusto ko mang-lumayo sa kanya ay nag-alala ako na baka magising ko ito.

Naramdaman ko ang kamay nito na tumataas. "C-christell?" hindi ito nagsalita.

Inalis ko ang kamay nito pero masiyado atang wrong move ang ginawa ko dahil pinasok nito sa t-shirt na suot ko.

"C-christell ano ba" bulong ko dahil maririnig kami ng mga bata kapag masiyadong malakas ang boses ko.

Mas lalong tumaas ang kamay nito hanggang sa marating nito ang brazer ko. I gulp and swallowed again. Tinaas nito ang brazer ko and she cupped my le breast.

"Let's sleep Avhell, goodnight" she whispered again.

"G-goodnight" nauutal na saad ko.

Malalim na ang gabi at pakiramdam ko ay dito pa ako aatakehin sa sakit ng puso dahil kay Christell. Namumulang napapikit ako. Gusto ko mang-alisin ang kamay nito sa dibdib ko ay hindi ko magawa, parang may pumipigil sa akin.

Nasa kalagitnaan na ako ng pagtulog nang maramdaman ko ang kamay nito na gumagalaw sa loob ng damit ko. Kagat labi kong pinigilan na huwag gumawa ng ingay.

"C-christell tanggalin mo nga yang kamay mo" sita ko dito. Naririnig ko ang huni ng mga kuliglig sa labas.

"God your smell is addicted" bulong nito.

"Christell please let me sleep" bahagya ko itong siniko. "Ahh!!" mahinang daing ko nang lamasin nito ang kaliwang dibdib ko. Nakatalikod pa rin ako sa kanya at hindi ko man lang nagawang humarap dahil nahihiya ako.

"Stop Christell please" I said. Hindi ito nagsalita at tumigil na rin. Bumalik ito sa pagtulog. Hindi ko na magawa pang-umangal dahil masiyado na rin akong inaantok sa oras na ito.

Continue reading next part